



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-2 ng Marso, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

ANG ELEKSYON AY SA MARTES – ALAM BA NINYO KUNG SAAN BOBOTO?

I-tsek ang Inyong Pamplet ng Sampol na Balota o Hanapin ang Botohan sa Online.

Ang Pampanguluhang Primaryang Eleksyon ay sa Martes, pero mahahanap na ninyo ngayon ang inyong lugar ng botohan. Ang lokasyon ay nakalista sa likod ng Pamplet ng Sampol na Balota at Impormasyon para sa Botante na ipinadala sa inyong tahanan o maaari ninyong hanapin ito sa sdvote.com. I-type ang inyong adres at click ang isabmit upang hanapin ang inyong lugar ng botohan sa kapitbahayan.

Ang mga lugar ng botohan ay maaaring magbago kada eleksyon, kaya't pinakamahusay na muling i-tsek bago pumunta.

Maaari rin ninyong [tingnan ang inyong sampol na balota](#) sa online.

Kung mayroon kayong balotang pangkoreo ngunit hindi pa naipapadala ito, maaari ninyong bisitahin ang isa sa [61 mail ballot drop-off points](#) sa buong county, karamihan dito ay magiging mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, o ihulog ito sa alinman sa 1,548 mga lugar ng botohan. Kung mayroon kayong balotang pangkoreo, ngunit napagdesisyunan na bumoto sa inyong lugar ng botohan, dalhin ang balotang pangkoreo upang ibalik.

Maaari rin ninyong dalhin ang inyong balotang pangkoreo at bumoto nang personal sa [opisina ng Tagapagrehistro na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego, 92123](#). Ang mga botante ay maaaring botohan ang kanilang mga balota sa pagitan ng ika-8 ng umaga at ika-5 ng hapon sa Lunes at ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon.

“Sa ngayon, kami ay nakatanggap na ng 350,000 sa mahigit sa 1.35 milyong mga balotang pangkoreo na ipinadala sa mga botante. Ito ay inaayos at inii-scan na ngayon para ang mga ito ay handa na para agad maibilang pagsara ng mga botohan sa



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-2 ng Marso, 2020

ika-8 ng gabi sa Gabi ng Eleksyon.” sabi ng Tagapagrehistro ng mga Botante na si Michael Vu.

Kung hindi kayo nakarehistro at nais makisali sa Ika-3 ng Marso na eleksyon, hinihikayat kayo ng Tagapagrehistro ng mga Botante na bumisita sa [opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante o isang satellite na lokasyon sa pagboto](#) upang [magparehistro at bumoto](#). Ang mga lokasyong ito ay magkakaroon ng bawat uri ng balota na available at mas handang tulungan ang mga inaasahang botante na kailangang magparehistro at bumoto. Kung kailangan ninyong samantalain ang serbisyong ito sa Araw ng Eleksyon asahan ninyo ang mahahabang linya. [I-tsek ang mga tagal ng paghihintay](#) bago pumunta.

Para sa mga botanteng kailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales sa eleksyon ay available din sa Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Upang dagdagan ang kaalaman tungkol sa pagboto sa Ika-3 ng Marso na eleksyon, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER

